BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang sinariwang CityDashboard

BRAMPTON, ON (Nobyembre 25, 2021) – Inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang pagsasariwa sa pampublikong dashboard nito: CityDashboard. Itinayo sa award winning na open data platform ng Lungsod, ang GeoHUB, CityDashboard ay isang online tool na tumutulong sa komunidad na makita kung paano nakakaambag ang araw-araw na operation ng Lungsod sa mga resulta sa komunidad.

Orihinal na inilunsad noong 2018, ang CityDashboard ay nagbibigay ng pananaw sa anim na mahahalagang parte:

- Pananalapi ng Lungsod
- Mga Serbisyo ng Lungsod
- Pagkaposibleng matitirhan
- Kabutihan ng Komunidad
- Ekonomiya
- Urban Form at Kapaligiran

Ang updated na CityDashboard ay nagbibigay sa mga residente ng isang snapshot ng mga serbisyo ng Lungsod, pinansyal na mga pamamaraan at mga indicator ng komunidad. Kasama ang status at graph, ang bawat pamamaraan ay nagtatampok ng isang kuwento sa kung bakit mahalaga ito, paano ito nasusukat, at ang progreso na ginagawa ng Lungsod. Ang kaugnay na mga link ay nagbibigay ng dagdag na konteksto sa kung ano ang ginagawa ng Lungsod para maimpluwensyahan ang mga pamamaraan, araw-araw na mga serbisyo, programa, mapa, plano at pag-aaral.

Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo na committed sa pagiging bukas, pagiging malinaw at pagdedesisyon na pinapasigla ng datos. Ang pagsukat sa performance sa serbisyo ng munisipyo at mga indicator ng komunidad ay tutulong sa Lungsod na patuloy na ihikayat ang inobasyon, impluwensyahan ang tuloy-tuloy na pagpapaunlad, at suportahan ang nagsasali sa lahat na komunidad na ligtas, sustenable at matagumpay.

Ang updated na CityDashboard ay matatagpuan sa www.brampton.ca/dashboard. Hinihikayat ang mga residente na ibahagi ang kanilang mga komento o ideya sa pamamagitan ng “dashboard feedback” button na matatagpuan sa loob ng dashboard.

**Maiikling Impormasyon**

- Ini-refresh ang GeoHub para gawing mas accessible at madaling gamitin para tingnan at ianalisa ang datos, kasama ang mga feature tulad ng Personas at bukas na mga set ng datos. Ang Personas ay nag-aalok ng koleksyon ng datos at mga biswalisasyon na angkop sa mga pangangailangan ng partikular na mga pangkat.
- Ang GeoHub ay may higit sa 300 set ng datos na sasaliksikin. Ang mga user ng bukas na datos ng Lungsod ay pwedeng ibahagi ang kanilang karanasan sa open@brampton.ca.
- Noong Setyembre, natanggap ng Lungsod ang ISO 37120 Platinum-level certification mula sa World Council on City Data (WCCD) para sa ikalawang sunod-sunod na taon. Nag-uulat sa higit sa 90 ng 104 na mga indicator sa loob ng WCCD's ISO 37120 standard, bilang bahagi ng Pamahalaan ng Canada na sumuporta sa Data for Canadian Cities Project (DCCP), sumali ang Brampton sa pangkat ng higit sa 100 pandaigdigang lungsod sa buong 35 bansa – at 30 sa buong Canada – na nangongolekta, nagbabahagi, at gumagamit ng datos ng lungsod para gumawa ng mas epektibo at nakakapagbagong mga desisyon.

**Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at patuloy nating itinatakda ang ating mga sarili bilang isang pandaigdigang lider sa inobasyon at pagdedesisyon na pinapasigla ng datos. Ang pinasariwang CityDashboard ay nagpapakita ng ating commitment sa pagiging bukas at pagka-malinaw , at nagpapakita kung paano natin pinapagalaw ang ating Term of Council Priorities para pahusayin ang kalidad ng buhay ng ating mga residente. Ang tuloy-tuloy na pagpapahusay ay mahalaga sa pagtatayo ng lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay, at ang CityDashboard ay tutulong sa atin na magpatuloy na gawing batay sa ebidensya ang mga desisyon para sa ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, ang ating araw-araw na mga operation ay pinapasigla ng pinagkakaisahang dedikasyon na maghatid ng mga resulta para sa ating mga residente at magbigay sa kanila ng pinakamataas na kalidad ng buhay. Sa pagsusubaybay sa ating performance gamit ang updated, user-friendly na CityDashboard, maipagpapatuloy natin ang paghiihikayat ng inobasyon, tuloy-tuloy na pagpapahusay ng impluwensya, at magtayo ng nagsasali sa lahat na komunidad na ligtas, sustenable at matagumpay, habang bukas at malinaw na ibinabahagi ang ating mga sebisyo at resulta sa komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca